# 1

"Patrick! Patrick!"

Halos mabasag ang eardrum ng twenty-five-year old actor sa tili ng mga fans sa kabila ng halos sabunutan at gitgitan. Gayunpaman, patuloy sa pag-flash ng toothpaste smile si Patrick Buenaventura.

Sa magkabilang gilid niya, parang tasty bread na pinalaman siya ng dalawang umaangal na sina Oliver at Jet, ang kanyang dalawang superhuman bodyguard na pilit gumagawa ng milagro para maitawid siya sa dagat ng mga nagwawalang babae.

"Patrick! Patrick! We love you!" sigaw ng mga fans.

"Thank you! Thank you! I love you all, too!" balik-sigaw niya with matching kaway and flying kiss pa.

Lalong ginanahan ang fans na kuyugin sila. Mistula silang piraso ng laman na pinagkakaguluhan ng mga piranha.

Hindi na magkandaugaga ang dalawang bodyguard sa pagharang ng katawan para lang

protektahan ang guwapong aktor, pero hindi ito ininda ni Patrick, patuloy lang siya sa pagngiti at pagkaway kahit na nasasabunutan na o napipipi na sa gitgitan.

"Sir! May death wish ba kayo? Bakit di kayo sa backstage dumaan kanina?" angil ng driver cum bodyguard niyang si Jet nang sa wakas ay milagrong nakapasok sila ng van nang hindi nagkakalasog-lasog ang katawan. Hating-gabi na at mukhang galing sa battlefield ang dalawang bodyguard, may ilang kalmot at sira ang damit ng mga ito. Si Patrick sa kabilang banda, sa kabila ng puyat, pagod, gutom, magulong buhok at damit, puwedeng-puwede pa ring mag-pictorial para sa men's facial wash.

The handsome and currently the most sought after actor in the Philippine showbiz industry looked aghast at the bodyguard's statement.

"What's wrong with you people?" he said passionately.

"Di ba kayo nanood ng *Spider-Man*? With great power comes great pain in the ass!" he exclaimed. "Lahat ng tao may kanya-kanyang regalo, ang sa akin ang mukha ko. Isang kasalanan sa sangkatauhan ang ipagkait iyon sa kanila." Humalukipkip siya gamit ang matinding self-righteousness tulad sa isang batang

pinipilit na siya dapat si *Red One*.

Napabuntong-hininga ang dalawang bodyguard. Pasimpleng hinanap ni Jet ang earplugs upang hindi marinig ang *narcissistic* speech ng lalaking mas narcissistic pa kay Narcissus.

"How can I blame them kung ako nga mismo nagugulantang sa kaguwapuhan ko sa tuwing tumitingin ako sa salamin?" At mula sa kung saan, parang magic na nakapag-produce ng salamin ang aktor. "See? Tingnan n'yo, kahit may eyebags ang guwapo ko pa rin!"

Gustong iuntog ng dalawang bodyguards ang mga ulo nila sa bintana ng kotse. Ito ba ang lalaking pinagpapantasyahan ng lahat ng babae sa Pilipinas?

"Oliver, utang-na-loob, patigilin mo si sir," pagmamakaawa ni Jet sa kasamahan.

"Kuhaan kaya natin minsan ng video 'tapos i-upload natin sa *YouTube* para malaman ng fans kung ano talaga si Sir pag walang camera," parinig ng bodyguard, pero masyado nang busy ang binata sa paghanga sa napakaguwapong mukha para pag-aksayan ng panahon ang mga pasaring nila.

Matapos ang hindi bababa sa limang minutong paghanga sa sariling repleksyon, kinuha ni Patrick

ang *iPod* at sinuot sa tainga ang earphones.

"'Wag na kayong maingay, nagko-concentrate ako," saway niya sa dalawang bodyguard habang nakikinig sa aparato.

Hindi siya pinansin ng dalawa at akmang pagtsitsismisan pa sana siya nang mula sa kung saan, may humarang sa kanilang isang black armored van.

"What the—"

Bago pa matapos ni Patrick ang sentence, napalibutan na sila ng mga lalaking nakaitim. At bago pa sila makakurap, nabuksan na ng mga ito ang pinto ng kotse, kung paano nagawa ng mga iyon, walang ideya ang tatlong nagulantang na lalaki.

"What the hell—"

Pero sa pangalawang pagkakataon, hindi muli natapos ng binata ang sasabihin, isang makapal na usok ang pumasok sa ngala-ngala niya at hindi siya magkandaugaga sa pag-ubo. Ang huling nahagilap ng kanyang huwisyo ay mukha ng babaeng maituturing niyang epitome ng babaeng kahit kailan, hinding-hindi niya ide-date.

---

"Gaano kalaki ba ang concentration ng

pampatulog sa gas na 'yon? Bakit di pa siya nagigising hanggang ngayon?"

Mula sa lupain ng wonderland, nakarinig ng boses si Patrick Buenaventura. Iyon ang tipo ng boses na pinakaiiwas-iwasan niya. It was a lot like his father's voice, malamig at walang emosyon. Iyong tipong plus and minus lang yata ang nakikita sa kahit anong bagay. He wondered, binabangungot kaya siya?

"Ma'am baka nagkukunwari lang 'yan, 'yong dalawang bodyguards niya gising naman na," rinig niya sa isang lalaking boses.

"Hmm…" Ilang segundong nanahimik ang babaeng boses. "Dapat ba natin siyang sampalin para magising?"

Awtomatikong napamulat siya roon. Heck, dream or no dream, hindi siya papayag na magasgasan ang guwapo niyang mukha. Sa pelikula puwede, pero kung walang camera, no way highway!

Pero mabilis din niyang pumikit dahil nasilaw siya sa sobrang liwanag ng paligid.

"N-nasaan ako?" paos niyang tanong saka mas dahan-dahang iminulat ang mga mata.

Ang unang rumehistro sa utak niya ay ang pagiging marangya ng paligid. Tila nasa isang first class hotel suite yata siya. Golden ang kulay ng mga pader, ang mga muwebles, classic na classic. Iyong tipong makikita sa palasyo ng Wales. Nakaupo siya sa isang French chair sa isang dulo ng kuwarto katapat ng pinto.

Ang sumunod na napansin niya ay hindi kaaya-aya gaya noong una—isang babaeng tila kabuuan yata ng lahat ng pinakamasamang bangungot ng bawat fashion gurus at makeup artists.

Gusto niya ulit ipikit ang mga mata para sagipin ang kanyang retina mula sa makatindig-balahibong tanawin. Pero sa kung anong dahilan, hindi niya magawang iiwas ang tingin dito. Patuloy siyang nakatitig sa dalaga, his eyes wide in horror as he took in every horrifying detail of her features and clothes.

Para kay Patrick, lagyan lang ito ng belong itim, pwede na itong gumanap na elder sister ng multo sa pelikulang *Sukob*. She was tall, siguradong hindi ito bababa sa 5’8”, naka-black long-sleeved dress na umabot hanggang alak-alakan na tinernuhan ng black boots na sumisilip mula sa OA sa haba nitong palda.

Ang mahaba, tuwid na tuwid at itim na itim nitong buhok ay tila kurtinang nakapaligid sa napakaputla

nitong mukha. And her eyebrows, oh dear Lord, ang eyebrows nito! Gustong maiyak ni Patrick, hindi pa ba ito nakakakita ng tweezers? O kaya ng pang-shave? O kaya ng salon kung saan gumagamit ng sinulid pangbunot ng unwanted hair? Sa sobrang kapal ng mga kilay nito ay halos magsalubong na iyon sa pagitan ng mga mata.

At mukhang hindi lang pangbunot ang di kilala ng babae. Mukhang di pa rin nakakarating dito ang magandang balita ng contact lenses at laser eye surgery. Ipupusta ni Patrick ang kanyang lifetime supply ng *Belo* products na hindi makakatagos ang isang nine-millimeter bullet sa sobrang kapal ng salamin nito.

Nailing siya sa kahabag-habag na anyo ng babae. Somebody please, ibigay sa dalaga ang number ni Ricky Reyes!

"Thank you for waking up." Pinutol ng walang emosyon nitong boses ang kanyang sentimyento. Wala sa loob na napatingin siya sa makapal nitong eyeglasses. "I'm Lara Jimenez, and in case you haven't noticed, I kidnapped you."

Natigilan siya nang marinig iyon pagkatapos ay nanlaki ang kanyang mga mata nang maalala ang mga nangyari.

“What the—”

“Please listen to me first,” putol ng babae sa akmang pagsigaw niya. “Sorry if we scared you but I want to ask you to date me for one month starting tomorrow night.”

Natigilan siya sa akmang pagsigaw. Pagkatapos, kusang gumala ang mga mata niya sa paligid para hanapin ang mga hidden cameras.

Nasa *Bitoy’s Yari Ka!* ba siya?

“This is not a prank. This is for real, Patrick,” narinig niyang sabi nito na tila ba, nabasa ang iniisp niya.

Tinitigan niya ito saka nag-flash ng kanyang dazzling smile. Grace under pressure, ito ang ipapakita niya sa prank show na ito.

“Yeah right, come on, guys, cut the crap. I’ve seen too much *Punk’d* episodes to be fooled by this,” mayabang niyang saad.

Natahimik ito ng ilang segundo bago sinabing, “Okay, maybe this will change your mind.”

Naglabas ito ng remote control at bumaba ang isang one hundred fifty-inch plasma TV sa isang dingding ng kuwarto. Ilang pindot lang sa remote

control at voila! Lumabas ang isa sa mga deep dark secrets ng binata.

Nag-evaporate lahat ng grace niya at malakas siyang nag-crack under pressure. Napasinghap si Patrick sa takot nang makita ang kanyang larawan noong kanyang Junior prom night. Kung kanina akala niya ay nasa *Bitoy's Yari Ka* siya, ngayon tingin niya, nasa *Fear Factor* na siya.

Sigurado siya at hindi siya puwedeng magkamali, sinunog niya lahat ng pictures na iyon! Hinanap pa niya talaga lahat ng classmates niya noon para masigurong walang matitirang ebidensya na once upon a time, naging naging fashion victim din si Patrick Buenaventura.

He stared in utter shock at the picture.

But the teenager was clearly him—the arrogant nose, the prominent jaw, the deep-set eyes…. at ang damit! Goodness! Paano ba niya makakalimutan ang kasumpa-sumpang orange suit na iyon? O ang buhok na tirik na tirik sa gel?

Still experiencing the shock of his life, muntik na niyang hindi marinig ang sumunod na mga sinabi ng babae.

Naglabas ito ng isang notebook at binasa ang

laman noon. "Dalawang oras ka sa banyo bawat umaga, isang katerba ang nilalagay mong beauty products tuwing gabi, maitim at kulot ka n'ong bata, isang buong araw kang umiyak nang mamatay sina *Patrash* at *Nelo*, may collection ka ng *Pokemon* manga at saulo mo pati evolved state ng mga *Pokemon* charac—"

"Stop!" he freaked out. Sa kabila ng lamig ng aircon, tumatagaktak ang pawis ng matinee idol. "You!" Puno ng takot ang kanyang mga mata. "Sino ka?"

Nanatiling walang ekspresyon ang mukha nito. "I'm Lara Jimenez. Now, date me for one month—"

"Huh!" he snorted. Ngayon taas-noo na niyang kayang pabulaanan ang tsismis na pinapatulan niya ang lahat ng nakapalda. "Over my dead, freaking gorgeous body!" singhal niya.

Bangungot man o hindi, *Fear Factor* o *Bitoy's Yari Ka*, he would not be caught dead dating the elder sister of the *Sukob* ghost.

Natahimik ang dalaga nang ilang sandali pagkatapos sinabi, "'Wag kang mag-alala, babayaran naman kita."

Napahigit ng hangin ang binata.

Talaga naman, bakit ba ang liit ng tingin ng mga tao sa mga guwapo at magaganda? Porke ba guwapo, mukhang pera?

Oh, the prejudice! The injustice of the world!

Madamdamin siyang umiling pagkatapos ay taas-noong hinarap ang babae. “Kahit one billion pa, hindi kita pagtitiyagaang i-date kahit isang araw lang,” he said hotly. Kakaunti lang ang prinsipyo niya sa buhay at isa roon ay huwag mag-date ng pangit.

“Hmm…” anang babae, bago nagsalita ulit, “Then, ikakalat ko na lang sa Internet ang mga pictures mo n’ong Junior Prom Nigh—”

“I’ll date you!” Halos mapatid ang mga litid sa leeg niya.

Tila nakahinga nang maluwag ang dalaga. “Thank you,” tangi nitong sinabi. Naglabas ito ng papeles mula sa kung saan. “Iyan ang terms and conditions ng contract.” Bumaling ito sa isang kasama. “Jon, tawagin mo ’yong lawyer para ma-notarize.”

Nangagalaiti niya itong tinapunan ng masamang tingin. Sigurista ang babae, talagang may abogado pa. Pakiramdam niya, daga siya na na-corner ng pusa.

Masama pa rin ang loob, binasa ni Patrick ang

contract. Maikli lang iyon; one month lamang ang maximum duration ng kanilang dating period, pero may karapatan si Lara na itigil iyon nang mas maaga kung gusto nito. Sinasabi rin na prerogative ng dalaga kung gusto nitong sagutin ang mga tanong niya.

Pinaikot niya ang eyeballs; as if naman magtatanong siya.

Ito rin ang may final say sa mga desisyon sa kanilang relasyon sa loob ng isang buwan. Sinasabi rin na hindi niya puwedeng ipagkalat sa iba ang tungkol sa contract o magbabayad siya ng kaukulang danyos.

Huh, the nerve! Siya? Ikakalat iyon?

Dumating ang lawyer at tinamad na siyang basahin ang iba pa dahil pagod na siya, gutom at inaantok. May shooting pa siya limang oras mula ngayon. Ayaw na niyang mag-isip. Tiim-bagang na pinirmahan na lang niya ang document.

"Thank you," ulit ng dalaga nang kuhanin ang dokumento.

"I'll text you the details of our date tomorrow. 'Yong bayad sabihin mo na lang kay Jon, makukuha mo ang one fourth every week hanggang sa matapos ang one month dating period." Binalingan ni Lara

ang lalaking kausap nito kanina. "Jon, ihatid mo na siya at ang mga bodyguards niya."

Akmang lalabas na ang dalaga nang makalimutan niyang wala nga pala siyang balak magtanong.

"Bakit mo ginagawa 'to? Do you really like me that much?" tanong niya sa matigas pa ring boses.

Tinitigan siya sa mga mata ni Lara. "Page two, paragraph three, line number two: it's my prerogative if I want to answer your questions. In this case, you don't need to know the answer to that." Lumabas na ito ng pinto.

Again, he rolled his eyes.

Sinabi na nga ba niya kagaya ito ng tatay niya. Damn, parang take two ito ng childhood niya, parang naririnig na niya ang boses ng tatay niya: *Article three, clause seventeen ng Buenaventura constitution blah blah blah…* marahas siyang humigit ng hangin.

Shit, he really hated people like her.

# 2

"Patrick, what's wrong? Bakit ka nagtatago—"

"Shh!" Mabilis na tinakpan ng binata ang bibig ng babaeng co-star.

Kahit nagulat, kinilig sa gesture ang dalaga at lalong dumikit kay Patrick. Hindi araw-araw na makakadikit siya ng ganito kalapit sa pinakasikat na aktor sa Pilipinas, sigurado siyang mamamatay sa inggit ang mga co-stars nila kapag ikinuwento niya ito.

Nasa dulo sila ng hallway ng studio, uwian na nang makita ng dalaga ang sikat na aktor na parang ninja na pasilip-silip sa corner ng hallway.

"Are you practicing for some scene in your new movie?" mahinang tanong ng babae. Nabalitaan kasi niya na ganoon daw ang aktor kapag may bagong character na gagampanan, nagro-role playing ito kahit walang camera.

"Yes, you're right," sagot ng binata habang palingon-lingon sa paligid. "I'm playing a spy in my next movie." Pagkatapos ay biglang natigilan ito at napatingin sa kanya. "Alam ko na, why don't you help

me out?" Nag-flash ito ng signature one-billion-watt smile.

Nasilaw ang dalaga sa kinang ng ngiting iyon. "Sure." Tila na-hypnotize ang babaeng co-star.

"Ganito, check mo kung may makikita kang mga taong nakaitim sa kabilang side, okay? Kung meron, i-ring mo ang cellphone ko once. Kung wala, dalawang ring, okay?"

Salamat sa dazzling smile, hindi naintindihan ng aktres ang simpleng instruction. Tumango na lang siya. It was just role-playing anyway.

"Okay," sagot niya.

"Thanks a lot!" Mahigpit siyang niyakap ni Patrick. "You just saved me!"

Lalo niyang nakalimutan ang mga sinabi ng kasama. Kaya nang makarating siya sa kabilang side at nakitang may mga taong lumabas yata sa *Men in Black* movie, hindi niya maalala kung one ring o two rings ba ang kailangan. Mabilis na lang niyang kinuha ang phone at pinag-ring nang dalawang beses habang naglalakad padaan sa mga nakaitim na lalaki.

Ang sumunod na lang na nalaman niya, nakarinig siya ng sigaw kaya mabilis siyang napalingon. Nakita

niyang kumakaripas ng takbo si Patrick pabalik sa pinagtaguan nila habang hinahabol ito ng mga lalaking nakaitim.

"Wow." Amazed na amazed ang babaeng co-star. "Ang galing talagang umarte ni Patrick, mukha talaga siyang takot na takot."

---

Hindi alam ni Patrick kung nakailang mura na siya sa loob ng limang segundo. Nasabi na yata niya ang lahat ng masasamang salita sa lahat ng lengguwaheng alam niya—Filipino, English, Spanish, Japanese, Ilokano at Bisaya. Madalas kasing nag-aaral siya ng ibang language kapag gumamaganap sa mga pelikula o TV series.

"*Ukinam*!" mura niya nang makitang may mga nakaitim din sa dulo ng hallway na tinatakbuhan, hindi niya lubos maisip kung paano nakapasok ang mga iyon sa studio.

"Ano ba'ng nagawa kong kasalanan sa mundo?" hysterical niyang angal sa langit.

He made a sharp turn in the corner. Salamat sa Diyos at expert siya sa takbuhan, high school pa lang ay nakikipaghabulan na siya sa tatay at mga kapatid niya.

Nang magising siya kaninang umaga, napagtanto niya kung gaano kalaki ang pagkakamaling nagawa niya nang nakaraang gabi. Maghalo na ang balat sa tinalupan pero hinding-hinding-*hindi* siya makikitang kasama ang fashion victim, vampire looking, tweezers-deprived na babaeng iyon. It was social suicide! Para na ring siya mismo ang nagkalat na saulo niya by heart ang lahat ng evolved characters ng *Pokemon* series.

Mabilis niyang kinuha ang cellphone. "*Kisama*! Jet, 'as'an na kayo?" nagpa-panic niyang tanong nang may sumagot sa kabilang linya.

"Hmm… I see, mukhang tumatakbo ka pa rin." Nagtayuan ang balahibo niya nang marinig ang boses ni Lara.

"Shit!" Muntik na niyang maitapon ang phone sa takot.

Muli siyang lumiko sa dulo ng hallway papunta sa fire exit nang bumangga siya sa kung anong matigas na bagay. Tumalsik siya nang ilang metro dahil sa impact niyon. Aawayin dapat ni Patrick ang nakabangga pero bumara ang lahat ng mga salita sa lalamunan niya nang masilayan ang lalaki sa harapan.

"Diyos me, member ata ito ng World Wrestling

Federation." He gulped as he stared at those monstrous muscles. Damn, tanggal ang panga niya kapag tinamaan siya niyon.

Mula sa likod nito, lumabas si Lara kasama ang dalawang bodyguards niyang sina Jet at Oliver. They looked at him helplessly as if to say, 'Sir, wala kaming nagawa, tingnan n'yo naman ang laki niyan, o.'

Nanlumo si Patrick at naihilamos ang kamay sa mukha. Gusto na talaga niyang magwala at umiyak. Kung hindi lang siya naawa sa mga babaeng magdadalamhati, magpapabaril na talaga siya.

"Halika na," narinig niyang anang dalaga. Tumalikod ito at naglakad patungo sa elevator.

---

"Saan mo ba gustong mag-date?" Parang batang nakahalukipkip siyang nakaupo sa loob ng limousine. Sa tapat niya ay nakaupo ang dalagang tila a-attend ng lamay—o mas akmang sabihin, paglalamayan yata.

"Where do couples usually date?"

"First time mo bang makipag-date?" iritado niyang tanong.

"Yes," sagot nito.

Humigit siya ng hangin. Sinabi na nga ba niya tama ang theory niya na isang ultra weird, filthy rich, spoiled brat ang babaeng ito na patay na patay sa kanya. He bet she was doing it for some kind of experience, para kahit paano ay masabi nito sa iba na naka-date nito kahit isang buwan lang ang isang Patrick Buenaventura.

Humigit siya ng hangin at napailing sa sarili, ito ba talaga ang kahabag-habag na kapalaran ng isang guwapong tulad niya? Binalingan niya ito ng tingin pero mabilis ding binawi. Damn, eyesore talaga ito.

"Do you feel uncomfortable na may kasama tayong driver?" narinig niyang tanong nito.

Natigilan siya at lumipad muli ang tingin dito.

"Usually ba, walang kasamang driver at bodyguards kapag nagde-date?" she hesitated, na tila ba hindi sigurado sa sarili. "I read some books and watched some movies, it seemed like laging dalawang tao lang ang magkasama kapag nagde-date."

He looked at her suspiciously. "Bakit, willing ka ba na walang bodyguards?" he asked carefully.

"Kung iyon ang normal na date."

Muli niya itong tinitigang mabuti bago sinabi,

"Then tell them to go and leave us, magta-taxi lang tayo. Kapag may nakita ako kahit isang anino ng bodyguard mo, the date is off for tonight," hamon niya.

Masunuring tumango ang dalaga at kinuha ang phone. "Jon, ibaba mo kami sa tabi at pauwiin mo silang lahat. Walang susunod sa 'min." Tinapos nito ang tawag.

Bago pa siya makapag-isip kung nanggogoyo lang ito o hindi, awtomatikong huminto sa tabi ang limousine.

"Let's go," aya ng dalaga. Kunot-noong tinitigan siya nito nang hindi agad siya lumabas. "What's wrong?" untag nito.

Noon lang siya nahimasmasan. "Ah yes, let's go." At mabilis siyang lumabas ng kotse, pasimple siyang tumingala sa langit at mabilis na humingi ng divine guidance.

---

"So kailangan kong maghintay dito hanggang umaga at mag-wish sa Venus." Seryosong-seryoso ang mukha ni Lara habang nakatitig sa kanya.

"Yup, gan'on nga," untag niya gamit ang pinaka-

charming niyang ngiti.

Nasa isang empty clearing sila sa Antipolo kung saan may magandang view ng mga ilaw sa ibaba.

"Hmm…" anito habang tila pinag-iisipang mabuti ang sinabi niya. "Pero bakit gan'on? Sa mga nabasa at napanood ko, magkasama lagi ang nagde-date, how come ako lang mag-isa ang kailangang maghintay?"

"Kasi nga I'll wish on the other side, doon sa 'baba. That's a myth here," kuwento niya. "Ang sabi sa myth, it's about two lovers who were separated and wished to be together forever. So para magkatotoo ang wish, they have to wish on the same star, o sa Venus, sa parehong oras pero sa magkaibang lokasyon."

Kumunot-noo ito. "But I don't want to be with you forever, I just want to be with you for a month," giit ng dalaga.

Gamit lahat ang will power, pinigilan ni Patrick na iikot ang mga mata. "Well sa normal dating, people don't usually put a time limit, so kung gusto mo ng normal date, you have to think that this is a normal relationship, at normal lang sa dalawang tao sa isang relasyon na gustuhin magsama nang matagal. If not, why bother starting then?" Kung siya si *Pinocchio,* umabot na siguro ng Quezon City ang ilong niya.

"Hmm…" usal ulit nito. "But I can't stay until sunrise."

"Bakit, masusunog ka ba kapag tinamaan ka ng araw?" Mabilis niyang natakpan ang bibig. Damn, ang bilis talaga ng bibig niya minsan.

Pero mukhang hindi naman iyon ininda ni Lara. Sa halip, bahagya lang itong tumango.

"Something like that, I'm allergic to the sun."

Hindi na niya iyon pinansin. Nilalamig na si Patrick at atat na atat na siyang umuwi para makapag-beauty rest.

"Okay, so kita na lang tayo bukas ng gabi ha. Basta at exactly five-thirty sa relos mo, make a wish on Venus, all right?" sabi niya habang umaatras.

"Okay."

Iyon lang ang kailangan niya at mabilis na siyang tumakbo pababa.

Huh! Akala ba nila ganoon siya kadaling manipulahin? Iyon ang napapala ng mga taong nagmamaliit sa mga guwapong tulad niya. Akala ba nila porke't guwapo wala nang talent? Hindi siya naging grand slam best actor dahil lang sa wala.

Halos humarang siya sa harap ng taxi para tigilan siya nito.

"Just get me out of here," mabilis niyang utos pagkasayad ng puwet sa upuan.

---

Eksaktong three o'clock ng umaga, nagising si Patrick Buenaventura.

Nagulat siya nang hindi pamilyar na lugar ang mamulatan, pero mabilis siyang nakalma nang maalalang sa hotel nga pala siya tumuloy nang nakaraang gabi.

Napangiti siya sa sarili; mukhang umubra ang training niya nang minsang gumanap siyang secret agent. Feeling *James Bond* siya kagabi habang palipat-lipat ng taxi at pag-hop-hop sa mga hotels.

Mayabang siyang tumawa. Ang galing-galing talaga niya, naisahan niya ang mga bodyguards from hell. Sigurista si Lara kaya alam niyang pagkaalis niya, tinawagan agad nito ang mga bodyguards para siguruhing naghintay siya sa ibaba ng clearing gaya ng ipinangako niya.

He rolled his eyes at himself. Duh? Sinong tanga naman ang gagawa noon?

Mabilis niyang tinungo ang banyo para mag-shower. Matapos ang isa't kalahating oras, natapos siyang maligo. Pagkalabas ng banyo, narinig niya ang walang habas na pag-ri-ring ng kanyang telepono. Kahit hindi kilala ang number, sinagot na rin niya.

"S'an mo dinala si Ma'am Lara?" Halos mabasag ang eardrum ni Patrick sa lakas ng sigaw ng lalaki. Akmang bababaan niya ito nang marinig niya ang pangalan ni Lara, pero mabilis siyang natigilan.

Nanlaki ang mga mata niya sa takot nang rumehistro sa utak ang sinabi nito.

"What do you mean?" he said as his eyes widened in horror. "Hindi ba niya kayo tinawagan?" Nag-freak out na siya.

"Hindi!" sigaw pa rin ng lalaki. "Bakit niya kami tatawagan, eh, kasama ka niya!"

He froze. Naihilamos niya ang isang kamay sa mukha.

"Hindi pa siya umuuwi magmula kagabi, saan mo siya dinala?" Nasuklay niya ang basa pang buhok.

Bigla, nag-flash sa isip niya ang mga headline ng dyaryo: '*Babaeng Nakatiim, Ni-Rape Sa Antipolo Clearing*' o kaya '*Babaeng Nakatiim, Namatay Sa*

*Hypothermia Dahil Kay Patrick Buenaventura*.’

Malakas niyang nasapo ang noo. Dear Heavens, baka multuhin siya nito!

“Sandali, tatawagan ko kayo ulit.”

“Gago ka—”

Hindi na niya hinintay ang mga death threats ng bodyguard, mabilis niyang tinapos ang tawag at hinagilap ang damit nang nakaraang gabi. Pang-world record ang pagbibihis at pag-aayos sa sarili nang umagang iyon. Kadalasan, mabilis na ang isang oras at kalahati sa pag-aayos bago umalis. Eksaktong tatlong minuto ay tapos na si Patrick. Halos liparin niya ang daan papuntang elevator.

Hindi mapakaling naisuklay niya muli ang buhok gamit ang isang kamay. Alam niyang magaling siyang artista, pero come on mammon! Kahit may down syndrome, hindi maniniwala sa sinabi niya. May normal bang taong maghihintay ng buong gabi in this freaking December night sa kung saang lupalop ng Antipolo City?

Nahilot niya ang noo. Nasayang pala ang effort niya kagabi dahil wala naman palang humahabol sa kanya.

He groaned.

It was not his fault! Not his fault! Not his fault!

Nahilamos niya muli ang mukha.

---

Para sa ibang dumadaan, aakalain sigurong haunted ang clearing na iyon, mukha kasing may black lady na nakatayo sa gitna nito sa kadiliman ng lugar.

Malalim ang paghinga, gustong mapamura nang malakas ni Patrick nang maramdaman ang tagos sa butong lamig ng madaling araw. Ang pampalubag-loob na lang niya, kulay itim at may kakapalan ang suot ng dalaga.

Glaring at Lara, malalaking hakbang na nilapitan niya ito. Nang may marinig na mga yabag, lumingon ang tweezer-deprived heiress at mula sa makapal nitong salamin, Patrick saw her eyes widen in surprise. Then, her face broke into a unexpected smile.

"It's true!" mangha nitong sabi nang makalapit siya. "You really came," usal nito.

Marahas siyang humigit ng hangin. "Ano'ng sinasabi mo?"

“’Yong wish!” she exclaimed. “You said I should make a wish on Venus, right?”

“Talaga bang pinaniwalaan mo ’yon?” he asked exasperatedly.

“Why shouldn’t I? ’Yon ang sabi mo.”

Sigurado si Patrick, ginagamitan siya nito ng reverse psychology para konsyensyahin siya. Humalukipkip siya; bakit ang sama ng ugali nito? Why was she making him feel bad?

Then, nakita niya ang nagkukulay-asul nitong kuko sa daliri. Napapikit siya nang mariin at napaungol, saka mabilis niyang hinagilap ang kamay nito. Lalo siyang napaungol nang maramdamang tila yelo ang mga iyon sa lamig. Ikiniskis niya ang mga kamay nito sa sarili niyang palad upang painitin.

“Why are you doing this? Do you really want me to feel bad?” hinanakit niya.

Napakunot-noo ang dalaga. “What do you mean?” tanong nito pero hindi niya iyon pinansin.

“Napaka-boring ba talaga ng buhay mo at kailangan mong gawin ’to? Hindi ko na itatanong kung bakit ako, alam ko namang pinagpapantasyahan ako ng lahat ng babae at normal lang na gusto akong

maka-date ng lahat, after all, I'm probably the most handsome man in the Philippines right now." Hindi niya talaga mapigilang isingit na guwapo siya. "But to go this far? OA ka, Lara."

Sa wakas tinamaan din niya ang point.

Bahagya lang ngumiti ang dalaga. "You're right," mahina nitong sabi habang matamang nakatitig sa kamay niyang pinapainit ang palad nito. "I've been sheltered so much since I was a kid. Kumpara sa buhay mo, my life is really boring."

Tinitigan niya itong mabuti. Kung hindi siya nagkakamali, she was paler than usual because of the cold. Naihilamos niya ang mukha at muli, humigit siya ng hangin.

Sigurado siya, mamaya pagsikat ng araw, pagsisisihan na naman niya ang susunod na gagawin.

"Talaga bang one month lang ang date na gusto mo?" nanghihina niyang tanong bago pa magbago ang isip.

Kumunot-noo ito. "Of course, 'yon ang sabi sa contract di ba?"

Naihilamos niya muli ang kamay sa mukha. "Fine, for one month, no more than that, let's date."

Lalong kumunot ang noo nito. "Bakit mo inuulit, sinabi mo na 'yan."

He rolled his eyes. "Yeah, yeah. Come on, ihahatid na kita." Bumuntong-hininga siya, hinawakan ito sa siko, at iginiya papunta sa kalsada.

# 3

“Makinig ka sa propeta ng flirting—err dating pala,” saad ni Patrick Buenaventura kay Lara habang naglalakad-lakad sila sa *Enchanted Kingdom*.

Pinagtitinginan sila ng mga taong nadadaanan, mukha kasi silang a-attend ng costume party noon.

Kung ang ibang artista kapag nagdi-disguise ay pinipiling maging simple para hindi makakuha ng atensyon ng mga tao, si Patrick ay kabaliktaran. Kahit para pigilan ang pagkagunaw ng mundo, hindi kayang maging wallflower ng guwapong aktor. Nang gabing iyon, mukha siyang palipad-lipad, kumikinang na rainbow-colored butterfly sa kanyang afro wig, dark skin prosthetics, kasing-laki ng platitong sunglasses at bulaklaking neon-colored 60’s pants at polo. Si Lara as usual, mukhang a-attend ng Addam’s Family cosplay.

“Ayon sa Bibliya, there is a time and place for everything,” pagpapatuloy niya. “Lahat ng bagay, may tamang proseso at oras: almusal bago tanghalian, whole numbers bago fractions, si Madonna bago si Britney Spears, kiss before sex,” hayag niya. “Amusement park ang pupuntahan kapag nagde-date

sa high school, at dahil hindi mo dinaanan 'yon, dito tayo magsisimula."

Matamang pinakinggan ng dalaga ang bawat sinabi ng lalaki. Dala-dala ang isang yellow notebook, isinulat ni Lara ang bawat salita ni Patrick na tila isang estudyanteng gustong makakuha ng perfect score sa exam. Ang binata naman sa kabilang banda, feel na feel ang pagiging master.

"Gusto mong ulitin ko?" pagmamagandang-loob ng binata.

"No need, nakuha ko lahat," sagot ng dalaga.

Napangiti ang aktor sa sarili habang naglalakad. Naisip niya, siguro hindi naman ganoon kasama ang isang buwan kasama si Lara. Bilang nakatataas na nilalang sa animal kingdom hierarchy, obligasyon niya na tulungan ang mga nasa ibaba; kailangang ikalat ng mga pinagpalang tulad niya ang karunungan sa mga tulad ng babae.

Natigilan si Patrick, namilog ang mga mata.

Dear heavens, ito ba ang tinatawag na enlightenment? Ang unahin ang pangangailangan ng iba bago ang sa kanya? Ang makakita ng maganda sa masama?

Napailing siya sa sarili, ang galing talaga niya! Siguradong maiinggit si Buddha dahil di ito inabot ng thirty-five years bago makuha ang enlightenment, siya twenty-five lang.

"Okay," untag ng binatang nag-uumapaw sa natagpuan liwanag, "simulan natin sa pinakasikat at pinaka-in demand. Today, you will experience one of the wonders of Physics…" Huminto pa siya for effect. "The Roller Coaster." At hinila na niya ito sa nasabing ride.

---

Nagsisigawan ang mga tao nang bumulusok pababa ang roller coaster. Mahigpit na humawak si Lara sa lap belt. Pakiramdam ng dalaga, naiwan yata ang intestines at kaluluwa niya sa itaas ng roller coaster track. Halos kulay blue na siya sa sobrang pagkahilo at pagkalula. Si Patrick sa kabilang banda ay tila nagliliwanag sa saya.

"Lara! Let's do it again!" hila nito sa kanya pagkababa ng ride.

Namutla ang dalaga. "Again?" she asked in horror.

Energetic itong tumango. "Yeah."

"P'wede bang 'wag na? Okay na 'ko, na-experience ko na," apila niya. Natigilan ang binata pagkatapos at mataman siyang tiningnan at napailing.

"Are you giving up already?" tanong nito. "Simula pa lang ito, Lara, marami pang susunod. Heto ako, isang araw nang di natutulog, di pa kumakain ng lunch at dinner, masakit ang katawan sa stunts at fighting scenes, pero 'andito, nagmamagandang-loob na ituro sa 'yo ang Art of Dating. Ikaw, pangalawang ride pa lang ng roller coaster sumusuko na?" Humigit ito ng hangin na tila ba pagod na pagod na ito. "Fine, kung ayaw mo na, sino ba 'ko para pigilan ka." Tumalikod si Patrick at akmang maglalakad palayo.

"Wait!" nagpa-panic na aniya. "That's not what I mean!" Mabilis niyang hinawakan ito sa braso. "I'm not giving up."

Mabilis pa sa laser beam, nag-flash si Patrick ng makabulag-liwanag na ngiti. "Great!"

At bago pa niya namalayan, hinihila na siya nito papunta sa entrance.

Pagkatapos ng roller coaster, muling nasunod ang aktor na sumakay sila sa *Rio Grande Rapids*, *Jungle Log Jam*, *Anchors Away*, hanggang sa basa, paos at hindi na nila matukoy ang kaliwa sa kanan.

Needless to say, si Patrick Buenaventura lang ang nag-enjoy sa date na iyon.

---

"Ngayon mo sa 'kin sinasabi 'yan?" Pagak at mapaklang tumawa si Patrick pagkatapos ay umiling. Matalim na tinitigan niya ang kasamang aktor sa pelikula. Nilabas niya ang baril at tinutok sa ulo ng lalaki.

"Angelo! Mag-isip kang mabuti, 'wag mong gawin 'yan!" pagmamakaawa ng lalaki, pero ni hindi siya kumurap nang kalabitin ang gatilyo.

Umalingaw-ngaw ang tunog ng pinaputok na baril.

Napuno ng katahimikan ang buong paligid. Lahat nakatutok sa malamig at matigas na ekspresyon ni Patrick.

"Cut!" sigaw ng director nang maalalang tapos na nga pala ang eksena. Mabilis itong tumayo at pinalakpakan ang binata. "Great take, everyone!"

Tila noon lang nahimasmasan ang mga kapwa artista at iba pang nanonood, mabilis ding nagpalakpakan ang mga ito. Nanlumo ang matandang lalaki na kaeksena ng binata.

"Muntikan akong mapaihi d'on ah," natatawang sabi nito.

"Great job, Patrick." Malakas siyang tinapik ng director sa balikat. Ang lapad ng ngiti nito sa kanya. "Honestly, medyo nag-aalangan akong kunin ka n'ong una dahil puro drama and romance ang genre mo, pero ngayon, I know I made the right choice. Tama lahat ng narinig ko tungkol sa 'yo. You're really a born artist."

Kinailangang ipunin ni Patrick ang lahat ng will power para hindi mapunit ang mga labi niya at pisngi sa pagngiti.

Damn, ang hirap talagang magpanggap na humble kapag kasing-laki ng Jupiter ang ego. So instead, he just gave out his signature dazzling smile.

"Thanks, Direk," sabi pa niya.

"Okay, that's a wrap, everyone. Bukas na lang ulit!" sabi ng direktor. Nagsimula nang mag-pack-up ang staff. Si Patrick naman ay halos liparin ang daan papuntang dressing room.

"Sir, tubig—"

"Thanks!" hagilap niya sa tubig na dala ni Oliver. Para siyang si *Superman* sa bilis niyang magpalit ng

costume.

"Jet, sa *Center Point*," utos niya agad pagkapasok sa kotse.

Mabilis siyang nagsuot ng sunglasses, wig, patilya at leather jacket. Kung noong isang araw si Bob Marley siya, ngayon feeling patriotic siya kaya nag-local at si Fernando Poe, Jr. ang ginaya. Mabilis niyang sinipat ang hitsura sa salamin. Napangiti siya.

Damn, ang guwapo talaga niya.

As usual, ilang minuto rin niyang hinangaan ang sarili bago nakontento, at saka mabilis na kinuha ang *iPod* at sinuot ang earphones sa tainga.

Pagdating sa *SM Center Point*, nandoon na si Lara at naghihintay sa kanya. Ngayon, panonood ng sine ang gagawin nila. Tinanggal niya ang *iPod* sa tainga nang makalapit dito.

"Ano'ng showing?" tanong niya.

"'Yong suspense thriller movie mo," untag nito.

Natigilan si Patrick, at para bang nakakita ng *Dementors* mula sa *Harry Potter*, mabilis niya itong hinila papunta sa ticket booth.

"'Wag nating panoorin 'yon, di maganda 'yon," he

said nervously.

Napakunot-noo ito. “Pero maganda ang reviews, number one nga ’yon ngayon. Ang galing mo raw gumanap na serial killer, ang galing din daw ng special effects. Realistic daw.”

Nagtayuan lahat ng balahibo ng binata. “Don’t listen to them, paniwalaan mo ’ko, I know better.”

“But I already bought the tickets.”

“Bayaran ko na lang.”

“Are you afraid of blood and gore?”

“Yes.” Napasinghap si Patrick at mabilis na natutop ang bibig, napatigil din siya sa paglalakad. “I didn’t say that,” he said in horror. “I’m not afraid of blood and gore.”

Nanlaki ang mga mata niya nang maproseso ng utak ang implications ng sinabi ni Lara.

“You researched that, didn’t you?” akusa niya rito, ang kanyang boses nanginginig sa magkahalong gulat at hinanakit. Ang buong akala niya okay na sila matapos ang unang date. Pero ito pa ang igaganti sa kanya?

Oh, the betrayal! The injustice!

Napahigit siya ng hangin at nahilot ang sentido. Ngayon alam na niya ang feeling ni Ceasar nang saksakin ito ni Brutus.

“You planned this, didn’t you?” hinanakit niya.

Umiling si Lara. “No, hula lang. Namumutla ka kasi, like you’ve seen your worst nightmare come to life.”

Natigilan si Patrick sa pag-drama pagkatapos, at lightning speed na kinuha ang maliit na salamin sa bulsa.

Napasinghap siya. Dear heavens, she was right! Para siyang constipated na bampira sa putla! Napahigit siya ng hangin—Tsk!—buti na lang guwapo pa rin siya.

Muli, nahilot niya ang noo. Delikado ang image niya, kailangan niyang mag-ingat para hindi ito maulit.

Sinipat niya kung ayos ang patilya, wig at salamin, at nang masiguradong dropdead gorgeous pa rin siya, mabilis niyang itinago ang salamin.

“It’s anemia,” palusot niya rito. “Di pa kasi ako natutulog, hindi pa rin ako kumakain….” Natigilan siya at nagliwanag ang mukha. Napailing siya sa

sarili, ang galing talaga niya. “Alam ko na, kumain na lang tayo. ’Wag na tayong manood.” At mabilis niya itong hinila papunta sa escalator.

As usual, siya ang nasunod at na-solve ang problema.